**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 10, 159-175




# Lambat at bangka: Kuwento ng tagumpay

Ardales, Julie Mae ✉
*Sorsogon State University, Philippines (ardalesjulie@gmail.com)*
Jolo, Richelda
*Sorsogon State University, Philippines (jolo.richelda@sorsu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 10 May 2025 **Revised**: 25 May 2025 **Accepted**: 1 June 2025
**Available Online**: 3 June 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25145

OPEN ACCESS

***Abstract***

The current study focuses on documenting the success stories of fishermen in the town of Pilar, Sorsogon. A descriptive-qualitative research design was used in the study. Purposive sampling was employed to select fishermen who have success stories due to their livelihood in fishing. Based on the analysis, their success is reflected in three aspects: being able to send their children to college, starting their businesses, and building their own homes. The results show that fishing can contribute to the development of families and communities. Through education, media, and cooperatives, their livelihood can be strengthened, and their success stories can serve as inspiration for others to take pride in this profession. This research can serve as a guide for future in-depth studies on valuing and improving their livelihood.

***Keywords:*** success, fisherman, comics, cooperative, livelihood

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Lambat at bangka: Kuwento ng tagumpay


## 1. Abstrak

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pagsasadokumento ng mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda sa bayan ng Pilar, Sorsogon. Deskriptib-kuwalitatib na disenyo ang ginamit sa pananaliksik. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng impormanteng mangingisda na may kuwentong tagumpay dahil sa kanilang hanapbuhay na pangingisda. Batay sa pagsusuri, natuklasan na ang kanilang tagumpay ay makikita sa tatlong aspekto: napatapos ang kanilang mga anak ng pag-aaral sa kolehiyo, nagkaroon ng negosyo, at nakapagpatayo ng sariling bahay. Ang resulta ay nagpapakita na ang pangingisda ay maaaring mapaunlad ang pamilya at komunidad. Sa pamamagitan ng edukasyon, media, at kooperatiba, maaaring mapalakas ang kanilang hanapbuhay at ang kanilang kuwento ng tagumpay ay maaaring maging inspirasyon sa iba na huwag ikahiya ang hanapbuhay na ito. Ang pananaliksik ay maaaring maging gabay para sa mas malalim pang pag-aaral sa hinaharap tungkol sa pagpapahalaga at pagpapaunlad ng kanilang kabuhayan.


***Susing Salita***: tagumpay, mangingisda, komiks, kooperatiba

## 2. Panitikan

Ang panitikan ay nagpapahayag ng mga karanasan, damdamin, kaisipan, at panaginip ng sangkatauhan na nasusulat sa masining at malikhaing paraan. Ito ay isang estetikong anyo ng pagpapahayag na may kasamang pandaigdigang kaisipan. Ang panitikan ay patuloy na may halaga at di-mabilang na kahulugan sa bawat panahon na lumilipas. Maaari itong batay sa katotohanan o likhang-isip na may tiyak na layunin na nais ipabatid sa bawat indibidwal. Ang panitikan ay masasabing walang kapantay na halaga bilang salamin ng pagkatao at kultura ng lipunan. Ayon kina Ramos et al., (1984), ang panitikan ay tapat na deskripsyon, interpretasyon, at ekspresyon ng damdamin, kaisipan, ideolohiya, at kasaysayan. Ang panitikan ay isa itong bunga ng guniguni at mayamang imahinasyon ng mga manunulat na nagbibigay kulay sa kultura ng isang bansa. Binigyang-diin ni Ramos (2009) na ang panitikan ang "kaluluwa ng mga mamamayan" sapagkat sinasalamin nito ang kanilang layunin, damdamin, at mithiin sa pamamagitan ng masining na pahayag.

Ang pandaigdigang panitikan ay mahalagang larangan ng pag-aaral na nagpapalawak ng kaalaman sa iba't ibang kultura at tradisyon. Ang panitikan ay nagiging tulay sa pag-unawa sa identidad ng iba't ibang bansa. Ang panitikan ay mahalaga sa buhay ng isang tao sapagkat dito nasasalamin ang kasaysayan, tradisyon, at, higit sa lahat, ang mithiin ng isang bansa. Ito rin ay nagsisilbing salamin ng kultura ng isang lipunan. Hindi maikakaila na ang panitikan ay buhay, isang repleksyon ng pamumuhay at pakikipamuhay ng tao sa lipunan. Pinakikilos nito ang isipan at binibigyang pintig ang damdamin. Ito ay isang tulay ng pagkakaunawaan ng mga tao saan mang panig ng mundo. Ang pagtuklas at pag-unawa sa kasaysayan ng bawat bagay o lugar ay nagiging patunay kung gaano kayaman ang kultura at kaakibat nitong panitikan.

Sa pananaw ni Patil (2013), ang panitikan ay sumasalamin sa iba't ibang aspekto ng buhay, lalo na sa sistema ng pamumuhay, na nagiging daan upang maipasa ang kultura sa susunod na henerasyon. Ang ganitong papel ng panitikan ay hindi lamang limitado sa aliw kundi sa paghuhubog ng pag-iisip, pagpapahalaga, at pagkakakilanlan ng mga mamamayan. Sa konteksto ng edukasyon, binanggit ni Sawyer (2000) na ang panitikan ay may mahalagang papel sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Sa isang masigla at makabuluhang kapaligiran, ito ay nakatutulong sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa lipunan. Samantala, ang paggalang at pagpapahalaga sa lokal na panitikan ay pinagtibay ng ilang batas tulad ng Republic Act No. 10066 (National Heritage Act of 2009), at mga patakarang inilabas ng CHED at DepEd tulad ng Memorandum Order No. 59, Series of 1996, RA 10533 (K+12), at iba pa. Ang mga ito ay nagpapakita ng pagtutok sa pagpapaunlad ng Panitikang Rehiyonal bilang pundasyon ng pambansang identidad.

## 3. Kuwento

Ang kuwento ay isang salaysay na maaaring kathang-isip o batay sa tunay na pangyayari. Ito ay isang anyo ng panitikan na may layuning magbigay ng aliw, aral, inspirasyon o pagninilay sa mga mambabasa. Ang kuwento ay laganap sa buong mundo na patuloy na umiiral at kadalasan nagbibigay buhay sa bawat panitikan ng kanya-kanyang bansa. Ayon kay Si (2016), sa malawakang panitikan ukol sa naratibo, ipinapahayag na ang mga kuwento ay hindi lamang naglalayong magbigay aliw, kundi nagsisilbi rin bilang kasangkapan sa pagbabahagi ng impormasyon at impluwensya sa iba. Ginagamit ang naratibo upang maayos at maiproseso ang karanasan at kaalaman. Ang isang kuwento ay binubuo ng mga pangunahing elemento tulad ng tauhan, tagpuan, banghay, tema, at pananaw. Ayon sa KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino (2021), ang kuwento ay isang kathang isinusulat o isinasalaysay tungkol sa isang tao, bagay, o pangyayari.

Ayon kay Moscardo (2018), ang kuwento ay naglalaman ng mga elementong tulad ng tauhan, pangyayari, at kahihinatnan, na may layuning mang-aliw, magpabago ng pananaw, at magbigay inspirasyon. Mula sa mas malawak na pananaw ng panitikan, napagtitibay ang espesyal na papel ng kuwento bilang isang anyo ng panitikan. Sa pananaw naman nina Park (2001) at Davidhizar at Lonser (2003), ang pagkukuwento ay nagsisilbing paraan ng pagpapahayag ng kahulugan, pagpapatuloy ng tradisyon, at pagbibigay-buhay sa mga aspeto ng kultura at pagkakakilanlan. Ang mga kuwento ng karanasan mula sa isang lokalidad gaya ng bayan ng Pilar ay mahalagang aspeto ng panitikan. Sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa mga lokal na kuwento, hindi lamang napagyayaman ang panitikan kundi naitataguyod din ang pagkakakilanlan at diwa ng komunidad. Alinsunod sa Republic Act No. 7160 (*Local Government Code of 1991*), ang mga lokal na pamahalaan ay may kapangyarihang pangalagaan at itaguyod ang sariling kasaysayan at likas-yaman. Sa ganitong diwa, ang panitikang lokal—lalo na ang mga kuwentong karanasan ng mga mamamayan ng Pilar—ay nagsisilbing mahalagang bahagi ng pambansang panitikan at ng sama-samang pagkakakilanlan ng mga Pilipino.

***Piksiyon at Hindi-piksiyong Panitikan -*** Ang panitikan ay isang mahalagang salik sa paghubog ng kamalayan, kultura, at kasaysayan ng isang lipunan. Sa pamamagitan nito, naipapahayag ng tao ang kanyang saloobin, imahinasyon, at karanasan, at naipapasa sa susunod na henerasyon ang mahahalagang aral at kaalaman. Ayon kay Friend (2008), hindi maaaring magkaroon ng isang mahigpit na depinisyon na tiyak na naghahati sa kathang-isip at di-kathang-isip. Ito ay dahil palaging may mga natatanging kaso, kontra halimbawa, at pagkakaiba sa pananaw ng mga tao tungkol sa kung ano ang bumubuo sa dalawang kategoryang ito. Ang kathang-isip (*fiction*) ay isang anyo ng panitikan na naglalaman ng mga kwentong hindi batay sa tunay na mga pangyayari. Ito ay mga akdang bunga ng imahinasyon ng manunulat at maaaring maglaman ng tauhan, lugar, at sitwasyon na likhang-isip lamang. Bagaman maaari itong hango sa realidad, mayroon itong halong malikhaing interpretasyon. Kabilang sa ganitong anyo ng panitikan ang mga nobela, maikling kuwento, alamat, at dula, na madalas ay may layuning maglibang, magturo ng aral, o magpakilos ng damdamin.

Samantala, ang di-kathang-isip (*non-fiction*) ay tumutukoy sa mga akdang nakabatay sa katotohanan, karanasan, at aktuwal na datos. Layunin nitong maghatid ng impormasyon, magtala ng kasaysayan, o maglahad ng opinyon batay sa ebidensiya. Kabilang sa mga halimbawa nito ang talambuhay, sanaysay, ulat-pananaliksik, balita, at mga akdang akademiko. Ayon kay Genette (1980), walang ganap na "purong kathang-isip," sapagkat ang pagsasalaysay ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng kathang-isip at di-kathang-isip. Ang malinaw na pag-unawa sa pagkakaiba ng *fiction* at *non-fiction* ay mahalaga sa pagsusuri at pagbibigay-halaga sa mga akdang pampanitikan. Sa pamamagitan ng kaalamang ito, nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mambabasa sa layunin at konteksto ng isang akda—kung ito ba ay para sa aliw at imahinasyon o para sa edukasyon at impormasyon. Ang bawat akdang panitikan, maging kathang-isip o di-kathang-isip, ay may mahalagang papel sa pagbibigay kahulugan sa mundo, sa pagpapahayag ng identidad, at sa paghubog ng kamalayan ng mambabasa.

Sa pamamagitan ng panitikang *fiction*, nabubuhay ang mga imahe sa isipan ng mga mambabasa. Binibigyan nila ng kulay at kahulugan ang mga kathang-isip na mundo na naglalaman ng iba't ibang damdamin at mga mensahe. Maaaring maging masaya, malungkot, nakakatakot, o nakaka-inspire ang mga kwentong ito, at

naglalayong magbigay ng emosyon at pagpukaw sa imahinasyon ng mga mambabasa. Samantala, ang panitikang *non-fiction* ay isang uri ng panitikan na naglalayong magbahagi ng impormasyon at kaalaman sa mga mambabasa. Nagiging daan ang mga akdang ito upang maipahayag ang mga pagsasaliksik, kasaysayan, agham, sining, pamamahala, relihiyon, at iba pang larangan. Ang naratibo sa *non-fiction* ay isang paraan ng pag-aayos ng kaalaman at karanasan at ito ay isang estratehiya sa paglilipat ng kultura.

Sa kabuuan, ang panitikang *fiction* at *non-fiction* ay dalawang mahalagang uri ng panitikan na nagbibigay ng iba't ibang karanasan, impormasyon, at emosyon sa mga mambabasa. Ang bawat isa sa kanila ay may natatanging papel at layunin sa pagpapalawak ng ating kaalaman, paghubog ng ating pagkatao, at pag-usbong ng ating imahinasyon. Sa ganitong diwa, ang panitikan—maging kathang-isip o di-kathang-isip—ay may mahalagang ambag sa intelektuwal, emosyonal, at kultural na pag-unlad ng tao.

***Kuwento ng Tagumpay -*** Ang tagumpay ay isang konseptong may malalim na kahulugan sa iba't ibang larangan ng buhay. Ito ay hindi lamang isang resulta ng pagsisikap kundi isang proseso ng patuloy na pag-unlad at pagharap sa mga hamon ng buhay. Ayon kay Gatchalian (2020), mahalagang tiyakin ang kalidad ng mga graduate school sa Pilipinas. Ang edukasyon ay isa sa pinakamahalagang salik sa paghubog ng tagumpay ng isang indibidwal. Ipinapakita sa kanyang pag-aaral kung paano nagiging tulay ang kaalaman upang malagpasan ang mga pagsubok at maabot ang mas maliwanag na kinabukasan. Bukod sa edukasyon, ang personal na pagsisikap at determinasyon ay mahalagang aspeto sa pag-abot ng tagumpay. Ayon kay Zhu at Doo (2022), mahalaga ang paniniwala sa tagumpay at ang kakayahang pamahalaan upang makamit ang mga layunin. Ang kanyang pag-aaral ay nagbigay-diin sa papel ng determinasyon at pagsisikap bilang pangunahing mga salik sa pag-abot ng pangarap, na nagsisilbing inspirasyon sa iba pang mga mag-aaral na dumaranas ng kahirapan. Kasabay ng edukasyon at pagsisikap, mahalaga rin ang panitikan sa pagbibigay-inspirasyon sa mga indibidwal upang magtagumpay. Ayon kay Shiraz (2010), ang mga taong namumuhay sa pansariling kapakanan ay walang naitutulong o naiaambag sa pag-unlad ng lipunan. Batay naman kay Larzibal (2001), hindi nasusukat ang tunay na tagumpay sa kayamanan kundi sa kakayahang ipakita ang kabutihan. Sa kabuoan, ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng iba't ibang perspektibo sa kahulugan ng tagumpay—mula sa edukasyon, personal na pagsisikap, emosyonal na salik, hanggang sa panitikang Pilipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga kuwentong tagumpay, mas nauunawaan natin ang mga salik na nag-aambag sa pag-unlad ng isang indibidwal at kung paano ito nagiging inspirasyon sa iba.

***Banghay-aralin -*** Ang pagsulat ng banghay aralin ay isang mahalagang instrumento upang mas maging makabuluhan at epektibo ang daloy ng pagtuturo ng isang guro. Isa itong pangunahing hakbang na kinakailangang gawin ng bawat guro at ng mga mag-aaral na nagsasanay upang maging guro sa hinaharap (Sofiyah, 2021). Batay sa kurikulum, nalalaman ng mga guro kung anong kaalaman ang dapat matamo ng mga mag-aaral, at ito ang nagiging batayan sa pagbuo ng mga layunin sa pagkatuto (Marino, 2019). Ang mahusay na pagkakaplano ng banghay aralin ay mahalaga sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, dahil nagiging gabay ito sa pagpili ng mga estratehiya, metodolohiya, at materyales na gagamitin sa klase (Antonio, 2021). Ayon kay Harmer (2007), may dalawang pangunahing dahilan kung bakit kailangang magplano ng leksyon: una, nagsisilbi itong gabay na maaaring baguhin nang malikhaing batay sa aktwal na pangyayari sa silid-aralan, at pangalawa, ito ay may kaugnayan sa relasyon ng guro at mag-aaral—isang maagang nakaplanong leksyon ay nagpapakita ng dedikasyon ng guro sa kanyang pagtuturo, na nagdudulot ng positibong tugon mula sa mga mag-aaral.

Ayon kay Brown (2001), ang banghay aralin ay isang set ng mga aktibidad na kumakatawan sa "mga hakbang" sa isang kurikulum. Ito ay mahalaga sa pagbuo ng epektibong pagsasanay, pagsusulit, at iba pang gawain na nakakatulong sa mga mag-aaral na matandaan ang paksang itinuturo (Jones, 2018). Sa kabila ng mga hamon, nananatiling mahalaga ang banghay aralin bilang isang gabay sa pagtuturo. Ayon kay Woodward (2001), ito ay hindi lamang isang nakasulat na dokumento kundi isang proseso na kinabibilangan ng pagninilay, pagbabasa ng mga sanggunian, at iba pang mga gawain ng guro. Sa pamamagitan ng maayos na banghay aralin, nagiging mas sistematiko at epektibo ang pagtuturo, na nagbubunga ng mas mataas na kalidad ng edukasyon.

***Komiks -*** Ang komiks ay isang uri ng tekstong biswal na binubuo ng dayalogo, salita, at larawan na nagsasalaysay ng diwa ng kuwento. Ayon kay Grainger (2004), ang komiks ay isang grapikong midyum kung saan ginagamit ang mga salita at larawan upang ihatid ang isang salaysay o kuwento. Nagmula ang terminong *komiks* sa salitang Ingles na *comics*, na tumutukoy sa isang uri ng babasahin. Sa Pilipinas, si Dr. Jose P. Rizal ang kauna-unahang nagsulat ng komiks na nagbigay-diin sa kahalagahan ng midyum sa kulturang Pilipino. Ayon kay Lumbera (2005), ang komiks ay "isa sa mga pinakapopular at madaling maabot na anyo ng panitikan ng masa" dahil sa kakayahan nitong pagsamahin ang biswal at tekstuwal na elemento sa masining ngunit abot-kayang paraan. Bukod sa aliw, nagsisilbi rin itong daluyan ng kaalaman at kultura para sa mga mambabasa.

Naging popular ang komiks sa Pilipinas noong dekada 1940, kasabay ng pag-usbong ng mga lokal na manunulat at dibuhista. Sa panahong iyon, malaki ang naging papel ng komiks bilang bahagi ng kulturang popular, nagbibigay-aliw sa mga tao, lalo na noong panahon ng digmaan at pagkatapos nito. Maraming kilalang komiks ang lumabas sa mga pahayagan at magasin, na nagbigay-daan sa pag-unlad ng industriya ng komiks sa bansa. Kadalasang nakaugat ang mga temang ginamit sa komiks sa mga karanasan ng mga Pilipino—mula sa mga kwentong pambata hanggang sa mga kwentong kababalaghan. Dumaan sa matinding pagsubok ang industriya ng komiks sa Pilipinas, lalo na noong panahon ng Martial Law. Ayon sa akdang *Komiks Pa Rin Ako!!* ni Abella (2014), maraming ilustrador ang naapektuhan nang ipagbawal ang ilang komiks na kritikal sa administrasyong Marcos. Dagdag pa ni Matienzo (1980), ipinag-utos ng diktador na tanggalin ang ilang konteksto sa komiks, kaya't maraming ilustrador tulad nina Nerissa Cabral at Pablo Gomez ang lumipat sa Amerika upang ipagpatuloy ang kanilang sining.

Sa pagbabalik ng demokrasya, bumagal ang pag-usad ng industriya ng komiks. Ayon kay Villegas (2009), nakaaapekto rin ang pag-usbong ng teknolohiya, kabilang ang mga laro sa computer at makabagong cellphone, sa pagbaba ng bilang ng mga nagbabasa ng komiks. Noon, madalas itong mabili sa mga *waiting shed*, sa tapat ng simbahan, at malapit sa paaralan, kung saan maraming bata ang nagtitipid ng kanilang baon upang bilhin ang susunod na kabanata ng kanilang paboritong komiks. Sa kabila nito, patuloy ang pag-usbong ng komiks sa anyong digital, na nagbukas ng mas maraming oportunidad para sa mga bagong manunulat at artist. Ayon kina Avraamidou at Osborne (2009) sa kanilang akdang *The Role of Narrative in Communicating Science*, malaking tulong ang komiks sa pagpapadali ng pag-unawa sa mga mensahe sa pamamagitan ng biswal na pagpapakahulugan. Sa panahon ng digitalisasyon, nagiging mas accessible ito sa mas malawak na hanay ng mambabasa, lalo na sa kabataan. Sa paglipas ng panahon, nananatiling mahalagang bahagi ng sining at panitikang Pilipino ang komiks bilang midyum ng salaysay. Higit pa sa pagiging libangan, ginagamit ito bilang plataporma para sa komentaryong panlipunan, pulitikal, at kultural. Sa pamamagitan ng mga karakter at kuwento nito, nailalantad ang realidad ng lipunan at ang mga pananaw ng karaniwang mamamayan.

***Ang Pangingisda sa Pilipinas -*** Ang pangingisda ay isang sinaunang gawain ng tao na may malaking papel sa ekonomiya, kultura, at kasaysayan ng mga bansang napapaligiran ng tubig. Sa simpleng kahulugan, ito ay ang paghuli ng mga isda at iba pang lamang-dagat upang maging pagkain, pagkakakitaan, o libangan. Sa pandaigdigang konteksto, ang industriya ng pangisdaan ay isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng pagkain at kabuhayan ng milyun-milyong tao, lalo na sa mga bansang arkipelago tulad ng Pilipinas. Noong 2015, ang Pilipinas ay ika-9 sa mga nangungunang bansang nanghuhuli ng isda sa buong mundo, na may ambag na 2.3% sa kabuuang pandaigdigang produksyon, na umabot sa 199.7 milyong metriko tonelada (Philippine Fisheries Profile, 2016). Gayunpaman, ang mga mangingisda, lalo na sa Asya, ay madalas na kabilang sa mga pinakamahihirap.

Ang pangingisda, samakatuwid, ay hindi lamang isang gawaing pang-ekonomiya kundi isang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng Pilipino. Isa itong pamana ng ating kultura, kasaysayan, at pakikibaka bilang isang bayan na napapalibutan ng dagat. Kaya't sa pag-aaral ng pangingisda sa partikular na konteksto — tulad ng sa isang pamayanang baybayin — mas naiintindihan natin ang kahalagahan ng pagpapanatili ng yamang-dagat, hindi lang bilang likas-yaman, kundi bilang bahagi ng buhay at pagkatao ng mga Pilipino. Ayon sa pag-aaral ni McGoodwin (2001), sinuri niya ang mga kulturang katangian ng mga pamayanan ng pangingisda at ang kanilang

epekto sa pangangasiwa ng mga pangisdaan, na nagpapakita ng kanilang adaptasyon sa pagbabago ng kapaligiran. Batay sa ulat ng FAO (2015), nagbigay ito ng komprehensibong pangkalahatang-ideya tungkol sa estado ng mga pangisdaan sa buong mundo at akwakultura, na naglalarawan ng kanilang impact sa global food security. Ayon kay Turgo (2020), nagtuklas siya sa artisanal fishing communities sa Pilipinas, ipinapakita ang kanilang socio-cultural significance at economic contributions.

Sa kasalukuyan, ang Pilipinas ay patuloy na isa sa mga nangungunang bansang produsyer ng isda sa buong mundo. Subalit sa likod ng kasaganaan, may mga hamong kinahaharap, lalo na sa usapin ng kalikasan at kabuhayan. Ang mabilis na paglaki ng populasyon, labis na pangingisda, at pagkasira ng kapaligiran ay nagbabanta sa seguridad sa pagkain at katatagan ng kabuhayan ng mga pamayanang baybayin. Kaugnay nito, binibigyang kapangyarihan ang mga local government units (LGUs) sa pamamagitan ng mga Municipal Fisheries Ordinances upang pamahalaan ang kani-kanilang municipal waters, kung saan karaniwang nangingisda ang mga maliliit na mangingisda. Sa pamamagitan ng mga Implementing Rules and Regulations (IRR) ng Fisheries Code, naipapatupad ang mga detalyado at makataong alituntunin para sa mas epektibong pamamahala ng likas-yaman. Sa kabila ng mga hakbang na ito, nananatiling mahalaga ang pagkilala at pagbibigay-halaga sa lokal na karanasan ng mga mangingisda upang mas mapalalim ang pang-unawa sa kanilang mga hamon at tagumpay. Halimbawa, ang mga karanasan ng mga mangingisda sa maliliit na bayan o isla sa bansa ay naglalaman ng mayamang naratibo na bahagi ng ating panitikang bayan at kasaysayan.

***Mga Hamon at Pagsubok ng mga Mangingisda -*** Ang pangingisda ay isang mahalagang hanapbuhay sa maraming bansa, kabilang ang Pilipinas. Isa rin itong mapanganib na propesyon dahil sa pabago-bagong kondisyon ng panahon, kakulangan ng kagamitan pangkaligtasan, at likas na panganib sa dagat. Sa kabila ng kahalagahan nito sa ekonomiya at pagkain ng mamamayan, ang mga mangingisda ay patuloy na nahaharap sa matinding suliranin. Isa sa mga pangunahing hamon ng sektor ay ang labis na pangingisda, na nagresulta sa pagbaba ng dami ng huli at pagkaubos ng ilang uri ng isda. Kasabay nito, nakararanas ang mga mangingisda ng kahirapan dahil sa kawalan ng sapat na akses sa mapagkukunan at hindi maayos na suporta mula sa gobyerno (Barclay, 2013; Petersen, 2007). Ang kawalang-katiyakan sa kita ay nagdudulot ng matinding epekto sa kanilang kabuhayan. Sa Pilipinas, ang mga lugar ng pangingisda ay sumasaklaw sa isang makabuluhang bahagi ng bansa, kung saan 301,000 $km^2$ ang itinalaga para sa layunin ng pangingisda (Salvador & Lamarka, 2017).

Karamihan sa mga komunidad ng mangingisda ay patuloy na nagsisikap na mabuhay sa pamamagitan ng pag-aangkop sa pagbabago ng panahon ng pangingisda. Mahalaga rin na ang mga mangingisda ay magkaroon ng sapat na kaalaman upang makasabay sa mga pagbabago sa kanilang hanapbuhay (Cabalar at Santos, 2011)[39]. Samakatuwid, inirerekomenda ni Eriksson (2019) na ang mga problemang pang-ekonomiya ng mga mangingisda ay dapat hatiin at suriin, sapagkat ang mga ito ay palaging kaugnay ng alternatibong access sa ekonomiya na mas epektibo at mas mahusay. Ang pagbabago ng klima ay isa rin sa pinakamalaking hamon sa sektor ng pangisdaan, nagdudulot ng pagbabago sa migrasyon ng isda, matitinding lagay ng panahon, at pagbaba ng kita ng mga mangingisda (IPCC, 2014; Suh & Pomeroy, 2020). Sa Pilipinas, tinatayang bababa ang GDP ng pangisdaan ng 9% hanggang 18% dahil sa epekto ng climate change, na magdudulot ng mas malaking suliranin sa kabuhayan ng mga mangingisda.

Bukod dito, ang pagkasira ng coastal ecosystems ay nagpapalala ng krisis sa sektor. Ang mabilis na paglaki ng populasyon sa baybayin, labis na pangingisda, at epekto ng climate change ay nagresulta sa masamang kalagayan ng 70% ng coral reefs sa bansa, habang 5% lamang ang nananatiling maayos. Ang pagkawala ng bakawan ay nagdudulot din ng kawalan ng proteksyon sa mga yamang-dagat. Ang pag-unawa sa mga pananaw ng mga lokal na komunidad hinggil sa mga dalampasigan at yamang-dagat ay mahalaga para sa mga yunit ng pamahalaang lokal at mga ahensya ng pagpapatupad ng batas. Nakakatulong ito sa pagtataya ng kalagayan ng mga likas na yaman sa hinaharap at sa paggabay sa mga hakbang pang-proteksiyon (Tambak & Guihawan, 2022).

Sa kabila ng pisikal at emosyonal na bigat ng propesyong ito, patuloy na nananatiling matatag ang mga

mangingisda sa gitna ng hamon. Ang kanilang determinasyon at pagsisikap ay patunay ng kanilang kahalagahan sa lipunan upang mapabuti ang kanilang kalagayan, mahalagang magkaroon ng sapat na suporta at maayos na pamamahala sa sektor ng pangisdaan upang matiyak ang seguridad at kagalingan ng mga mangingisda.

***Ang Bayan ng Pilar -*** Ang Sorsogon ay isa sa mga probinsyang matatagpuan sa Rehiyong Bikol. Binubuo ito ng isang lungsod at 14 na bayan, na nahahati sa dalawang distrito. Isa sa mga bayan nito ang Pilar, isang first-class municipality sa unang distrito ng Sorsogon. Ayon sa 2020 sensus, may 75,793 na populasyon at 16,669 na kabahayan ang bayan, na nahahati sa 49 barangay. Isa ang Pilar sa unang pamayanang itinatag ng mga Espanyol sa Luzon. Matapos maitatag ang pamayanang Gibalon (ngayon ay Magallanes) noong kalagitnaan ng ika-16 na siglo, nagpatuloy ang paglalayag ng mga Espanyol sa pamumuno ni Kapitan Luis Enriquez de Guzman, kasama ang mga paring Agustino na sina Padre Alonzo Jemines at Padre Juan Orta. Nadiskubre nila ang lugar na angkop upang itatag ang Misyon sa Abucay-Catamlangan, na kalaunan ay naging bayan ng Pilar. Ang pangingisda at abaka ay naging pangunahing industriya ng bayan. Ang paneling abaka ay ipinagbibili sa ibang bansa mula ika-18 hanggang ika-19 na siglo, na naging susi sa pag-unlad ng ekonomiya ng Bikol. Ang bayan ng Pilar ay binubuo ng 49 barangays, bawat isa ay may natatanging katangian at ambag sa komunidad. Kasama ang 22 coastal o baybayin at 27 na barangay ang hindi nasa coastal na bahagi ng bayan. Ang 13 na barangay ang pinagtuunan ng isinagawang pag-aaral patungkol sa mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda, (Fortes, 2018).

***Layunin ng pag-aaral***

Natiyak sa pag-aaral na ito na maisadokumento ang mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda sa bayan ng Pilar. Sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod: 1.) makalap ang mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda, 2.) maipalawanag ang integrasyon ng mga nakalap at nasuring kuwento sa pagbuo ng banghay aralin, at 3.) makabuo ng komiks batay sa mga kuwento ng tagumpay.

## 4. Metodolohiya

Natiyak sa pag-aaral na ito na makalap ang mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda sa bayan ng Pilar, Sorsogon. Ginamit ng mananaliksik ang kuwalitatib-deskriptib na disenyo ng pananaliksik. Ayon kay Aquino (1992), ang kuwalitatib-deskriptib disenyo ay isang sistematikong paglalarawan ng mga sitwasyon o larangang may kaugnayan sa interes ng pananaliksik, na nagbibigay-diin sa katotohanan at may sapat na interpretasyon. Ang mga impormante sa pananaliksik na ito ay binubuo ng 30 mangingisda mula sa 13 baybaying barangay ng Pilar, Sorsogon. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga impormante mula sa 13 na coastal barangay ng Bantayan (2), Banuyo (3), Binanuahan (3), Dao (4), Inapugan (3), Ginablan (2), Lungib (2), Malbog (1), Marifosque (2), Pineda (1), Sacnangan (1), San Antonio (Sapa) (2), at San Rafael (4). Ang mananaliksik ay naghanda ng isang interbyu-skedyul para sa pakikipanayam sa mga impormante para sa mga mangingisdang may kuwento ng tagumpay. Isinagawa ng mananaliksik ang mga panayam gamit ang interbyu-iskedyul, at ginamit ang *cellphone* bilang kasangkapan sa pagrerekord ng mga kuwento ng tagumpay. May ilang hamon sa pangangalap ng impormasyon dahil marami sa kanila ay abala sa kanilang personal na gawain kaya't hindi na napaunlakan ang panayam ng mananaliksik.

Isinagawa ang pag-aaral alinsunod sa mga alituntunin ng etika at integridad sa pananaliksik. Tiniyak na kikilalanin ang mga ideya at kontribusyon ng ibang mga mananaliksik, na may kaukulang pagsipi at pagkilala. Bago mangalap ng datos, siniguro ang pagkuha ng malinaw na pahintulot mula sa mga impormante kung saan pinalagda sila ng mananaliksik sa *consent form*, na may kasamang paliwanag sa layunin, proseso, at saklaw ng pananaliksik. Mahigpit na sinusunod ng mananaliksik ang prinsipyo ng katapatan, sa pamamagitan ng pag-iwas sa anumang manipulasyon ng datos. Ang proteksyon ng pribadong impormasyon ng mga kalahok ay binigyang-diin, na tinitiyak na ito'y mananatiling kumpidensyal at hindi ilalabas nang walang pahintulot. Bukod dito, walang kinikilingan ang mananaliksik sa bawat yugto ng pag-aaral, taglay ang mataas na respeto sa mga karapatan ng mga kalahok alinsunod sa Data Privacy Act of 2012 at iba pang kaugnay na batas.

Gumamit ng tematik-analisis sa pagtukoy ng mga nakalap na kuwentong tagumpay ng mga mangingsida. Ang mga nakalap na datos mula sa mga panayam ay sinuri at binigyang-interpretasyon gamit ang tematikong pagsusuri upang tukuyin ang mga pangunahing tema, damdamin, at karanasang bumabalot sa kanilang mga tagumpay. Ang tematikong pag-aanalisa ay isang metodong ginagamit sa pagsusuri o pag-aanalisa ng mga kuwalitatibong datos upang matukoy ang mga karaniwang paksa, ideya, tema, at pattern na paulit-ulit na lumalabas mula sa mga teksto gaya ng panayam at transcript (Caufield, 2019). Ginamit din ang kontent analisis sa pagsuri kung paano maipalawanag ang integrasyon ng mga nakalap at nasuring kuwento sa pagbuo ng banghay aralin. Ayon kay Klaus Krippendorff (2022), ang kontent analisis ay nagbibigay ng malalim na pagtalakay sa kasaysayan, konsepto, at mga pamamaraan ng pagsusuri ng nilalaman.

## 5. Natuklasan

### *5.1 Kayamanan sa Pangingisda*

Ipinapakita rito ang kahalagahan ng pangingisda at ang nagagawa nito sa mga mangingisda at buhay ng pamilya nila. Ang pakinabang na naidudulot nito sa bawat tao.

***Nakapatapos ang kanilang mga anak ng pag-aaral sa kolehiyo -*** Sa pakipanayam ng mananaliksik nalaman ang kanilang kuwento ng tagumpay ay mga halimbawa ng pagsusumikap sa kabila ng mga limitadong yaman ay nagbunga ng maganda at masasabing tunay na tagumpay sa kanilang buhay bilang mga mangingisda ang mapagtapos ng pag-aaral ang kanilang mga anak. Sa kabila ng pagiging mangingisda, ipinagpatuloy nila ang kanilang layunin na mapagtapos ang kanilang mga anak sa pag-aaral sa pamamagitan ng kanilang hanapbuhay sa dagat. Ang kanilang mga anak ay nagtapos ng pag-aaral sa kursong *Bachelor of Elementary Education, Bachelor of Secondary Education, Bachelor of Science in Criminology, Bachelor of Science in Nursing, Bachelor of Science in Computer*, at marami pang iba.

Karamihan sa mga anak ng mga mangingisda ay naging mga propesyonal, may mga magandang trabaho, at nakakatulong na sa kanilang pamilya. Batay sa mga mangingisda, ang edukasyon ang tanging kayamanan ang maipapamana nila sa kanilang mga anak. Ang edukasyon ay isang mahalagang hakbang upang makatawid sa hirap at magkaroon ng mas magandang kinabukasan at mas maraming oportunidad sa buhay. Ang mga anak ng mga mangingisda ay nagsikap at nakapagtapos ng kolehiyo, at sila ay nagsisilbing inspirasyon sa kanilang pamilya. Ayon sa mga mangingisda, kapag may determinasyon ang mga anak na makatapos sa pag-aaral, nararapat lamang na ipakita rin ng mga magulang ang kanilang dedikasyon at suporta sa mga pangarap ng kanilang mga anak. Binanggit ng mga asawa rin ng mga mangingisda na ang sa pamamagitan ng pangingisda ay kayang-kaya na makapagpatapos ng mga anak sa pag-aaral basta't may pagtitiyaga, pagsusumikap at pagmamahal sa trabaho at pamilya. Ayon sa mga mangingisda, ang tunay na tagumpay ay makikita sa edukasyon ng mga anak na nagbubunga ng maganda sa pamamagitan ng pagkakaroon ng magandang kinabukasan o nakahanap ng magandang trabaho patunay dito ang pahayag ng isang mangingisdang nakapanayam, "nagaturo naman sinda na duwa, regular na sinda na duwa sa DepEd*"* [Nagtuturo na silang dalawa, at regular na sila sa DepEd].

Ipinakikita ng naging resulta na ang mga mangingisda ay tunay na nagpapahalaga sa edukasyon ng kanilang mga anak. Ipinapakita sa bawat kuwento ang mahalagang papel ng edukasyon sa buhay ng mga mangingisda. Bagamat nahaharap sila sa matinding kahirapan, tinitiyak nilang makapagtatapos ang kanilang mga anak mula elementarya hanggang kolehiyo. Ipinapakita rin nito ang kanilang kakayahan bilang mga magulang na magtagumpay kahit may kahirapan. Sa kabila ng matinding hirap, hindi sila sumuko. Sa kabila ng mga pagsubok, ang pagpapahalaga nila sa edukasyon ang naging susi upang malampasan ang mga hamon sa buhay at makamit ang mas maganda at matagumpay na kinabukasan. Ipinapakita sa kuwento ng mga mangingisda na kahit gaano kahirap ang kalagayan, may mga pagkakataon na ang pagiging matiyaga at hindi pagsuko ay magbubukas ng mga oportunidad. Ang buhay ng mga mangingisda ay hindi madali sapagkat kahit na delikado ang mangisda dala

ng masamang panahon ay hindi sila nagdadalawang isip na sumuong para sa pangangailangan lalo na pagdating sa edukasyon at pagkain ng pamilya.

Ayon din sa mga nakapanayam na impormante, ang tunay na tagumpay sa kanilang buhay ay ang makita nilang nagsisilbing bunga ng kanilang mga paghihirap at sakripisyo ang pagtatapos ng kanilang mga anak sa pag-aaral at ang pagiging matagumpay nila sa buhay. Hindi nasusukat sa materyal na bagay ang tagumpay ng isang tao, kundi sa pagpapahalaga sa edukasyon ng mga anak. Madalas sabihin ng mga mangingisda na ang tanging maipapamana nila sa kanilang mga anak ay ang edukasyon. Kahit na sila ay hindi nakapagtapos ng pag-aaral, sinikap nilang matulungan ang kanilang mga anak na magtagumpay sa buhay, lalo na sa larangan ng edukasyon. Batay sa nagging resulta ng pag-aaral, lumabas na lahat ng mga impormanteng mangingisda ay nakapagpatapos ng anak sa kolehiyo, kung saan karamihan ay permanente na sa trabaho.

Lahat ng mangingisdang nakapanayam ay may magkakatulad na hangarin, ang mapagtapos ng pag-aaral ang kanilang anak at makakuha ng magandang trabaho. Ipinakita dito na ang layunin sa buhay bilang mangingisda ay magkaroon ng magandang resulta ang bawat sakripisyo na kanilang ginagawa para sa kinabukasan ng mga anak. Naipakita rin dito ang kahalagahan ng edukasyon sa pag-angat ng buhay at ang mahalagang papel ng mga magulang sa pagtulong sa kanilang mga anak na matamo ang mga pangarap sa buhay. Ang kanilang pagsasakripisyo at pagsusumikap ay isang patunay ng dedikasyon ng mga magulang sa pagpapalago ng kinabukasan ng kanilang mga anak. Dahil sa ang pangingisda nila ay nagiging susi upang makapagtapos ang kanilang mga anak at magkaroon ng magandang buhay.

Pinatunayan din ng mga impormanteng mangingisda na hindi hadlang ang kahirapan sa pag-abot ng pangarap sa buhay, lalo na ang makapagtapos ng pag-aaral ang kanilang mga anak. Sa kabila ng mga paghihirap at gipit na kalagayan, tiniyak niyang matatapos ng kanyang mga anak ang kanilang edukasyon, isang hakbang patungo sa mas maginhawang buhay. Ang pagpapahalaga sa edukasyon, sa kabila ng mga sakripisyo at pagsubok, ay nagpapakita na hindi hadlang ang kahirapan upang matamo ang tagumpay. Ang bawat kuwento ng mangingisda ay patunay na sa pamamagitan ng sipag, determinasyon, at suporta ng pamilya, ang edukasyon ay maaaring magbukas ng mas magagandang oportunidad at magdulot ng pagbabago sa buhay ng mga anak at ng kanilang pamilya.

Ipinakita dito ang kahalagahan ng pagtitiyaga at sakripisyo bilang magulang. Ang kanyang pagsusumikap at ang suporta ng kanyang pamilya ay nagbigay daan upang matulungan niya ang kanyang mga anak na makapagtapos mula elementarya hanggang kolehiyo, at ito ay nagpatunay ng dedikasyon sa pagpapalago ng kinabukasan ng mga anak. Ipinakita ng mga mangingisda na sa kabila ng mga pagsubok katulad ng pagiging mahirap, ang pagtutok sa edukasyon at ang tiwala sa kakayahan ng mga anak ay maaaring magbukas ng mas maraming oportunidad para sa kanilang pamilya. Sa pamamagitan ng pangingisda, naitawid ng mga mangingisda ang edukasyon ng kanilang mga anak.

Ang mga mangingisda na nagsasakripisyo ay patunay ng walang hangganang pagnanais na mapabuti ang buhay ng kanilang pamilya kahit na may mga limitasyon sa kanilang pinagkakakitaan. Sa kabila ng hirap at sakripisyo, itinuturo nila sa kanilang mga anak na ang isang magandang edukasyon ay maaaring magbukas ng mas maginhawang buhay at mas maliwanag na kinabukasan. Sa bawat paglalakbay ng kanilang mga magulang sa malawak na karagatan, nabubuo sa isipan ng mga anak ang pag-asa na magbubunga ito ng mas magagandang pagkakataon. Ipinapakita ng kwento ng bawat pamilyang mangingisda na ang tagumpay ay hindi nasusukat lamang sa materyal na bagay, kundi sa mga oportunidad at pagkakataon na dulot ng edukasyon. Ang mga magulang, bagamat nakakaranas ng mga pagsubok sa buhay ay patuloy na nagsusumikap upang matulungan ang kanilang mga anak na abutin ang mga pangarap na magbibigay sa kanila ng mas maginhawa, mas ligtas, at mas matagumpay na buhay sa hinaharap.

Ang implikasyon ng pag-aaral na ito ay nabubuksan ang isipan ng bawat indibidwal na ang buhay ng mga mangingisda ay may kaakibat na kuwento ng tagumpay. Magbubukas ito ng panibagong pag-asa na ang sakripisyo at tiyaga sa gitna ng panganib sa dagat ay may tagumpay na naghihintay sa ngalan ng edukasyon.

Edukasyon ang susi sa tunay na pagbabago ng buhay, at sa kabila ng mga pagsubok at sakripisyo sa kanilang kabuhayan, maaabot ang tagumpay. Mula sa mga kuwento ng mga mangingisda, makikita ang dedikasyon at determinasyon na isakripisyo ang kanilang mga sariling pangarap upang matulungan ang kanilang mga anak na makamtan ang magandang kinabukasan sa pamamagitan ng edukasyon. Bagamat ang pangingisda ay hindi laging nagbibigay ng mataas na kita, ipinapakita ng mga mangingisda ang kanilang walang sawang pagtutok sa edukasyon bilang isang paraan upang malampasan ang hirap at magtagumpay sa buhay. Magbibigay ito ng inspirasyon na kahit sa simpleng kabuhayan maaaring magtagumpay basta't may sipag at determinasyon.

Ayon sa Batas Pambansa Blg. 232 o ang Batas sa Edukasyon ng 1982, ito ay isang batas na nagtatadhana para sa pagtatatag at pagpapanatili ng isang integradong sistema ng edukasyon sa bansa. Batay sa Seksyon 2 ng nasabing batas, ito ay sumasaklaw at umiiral sa parehong pormal at di-pormal na sistema ng edukasyon, sa mga pampubliko at pribadong paaralan, sa lahat ng antas ng buong sistemang pang-edukasyon. Ang Republic Act No. 10931, na kilala bilang Universal Access to Quality Tertiary Education Act, ay isang makasaysayang batas na nilagdaan noong Agosto 3, 2017, na layuning gawing libre ang matrikula at iba pang bayarin sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad sa Pilipinas.

***Nagkapagpatayo ng Bahay -*** Ayon sa mga nakapanayam na mga mangingisda, nalaman ng mananaliksik ang iba't ibang kwento ng kanilang tagumpay kabilang na dito ang pagpapatayo ng matibay na bahay na kanilang pinaghirapan at pinagsumikapan dahil sa kanilang pangingisda. Ang pagpapatayo ng bahay ay kanila ding binagyan ng pansin upang hindi sila mahirapan sa tuwing may bagyo o malakas na ulan. Ang bahay ang kanilang naging sandigan o silungan kapag hindi maganda ang panahon. Maituturing ng mga mangingisda na isa itong tagumpay sapagkat inilaan nila ang kanilang oras at pagmamahal sa trabaho bilang mangingisda upang mabigayn ng maayos at komportableng tirahan ang kanilang pamilya maging ang iba pang kamag-anak. Isa itong patunay na kayang rin pagsabayin ng ilang mga mangingisda ang pagpapa-aral ng kanilang anak at pagpapatayo ng bahay. Ang mga mangingisda ay hindi lamang nakamit ang tagumpay sa kanilang hanapbuhay kundi naging simbolo rin ng pagtitiyaga, sakripisyo, at pagtutulungan ng pamilya sa kabila ng mga pagsubok sa buhay. Ipinakita ng mga mangingisda ang kanilang matatag na pananaw at pagsusumikap bilang mangingisda para sa kanilang pamilya.

Bilang patunay narito ang sinabi ni Mangingisda 1:

> *Iyan an agi-agi ko kan pagsira ko sa Pilar ta na naggibo man ki estaran ming harong an so mga maku-apo ko intero aranion dgd saku ta sain man ibang masarakat.* [Sa kabila ng mga pagsubok, nakapagtayo kami ng aming bahay ditto sa Pilar. Ang mga apo ko ay madalas tumutuloy sa amin dahil wala silang ibang matutuluyan.]

Ipinakita niya bilang mangingisda na sa kabila ng mga pagsubok, nakapagpatayo pa rin siya ng bahay para sa kanyang pamilya at upang makatulong sa kanyang mga apo. Ipinakita niya ang tunay na pagmamahal at pagmamalasakit bilang haligi ng tahanan. Siya ay nagpatuloy sa buhay kasama ang kanyang pamilya, na nagiging inspirasyon sa iba. Ito ay bunga ng kanyang pagtitiyaga, pagsusumikap at pagpapahalaga sa pamilya.

Narito ang sinabi naman ni Mangingisda 2:

> *Saka masasabi ko na medyo inabot ko na so pinangarap ko na simpleng buhay, ariglado na ang sakuyang harong.* [Masasabi ko na naabot ko na ang simpleng buhay na pinangarap ko. Maayos na ang aming tirahan, at ang mga anak kong nakatapos na ay nasa maayos na kalagayan.]

Ipinakita dito ang kahalagahan ng tamang *mindset* at dedikasyon sa buhay. Sa kabila ng mga pagsubok, siya ay nagpatuloy at nakapagpatayo ng bahay para sa kanyang pamilya. Binigyan niya ng atensyon ang pagpapatayo ng bahay habang nagpapa-aral sa kaniyang mga anak. Ipinapakita rin ng kanyang kuwento na ang pagsusumikap at pagtitiyaga ay nagbubunga ng magandang buhay, at sa kabila ng hirap, ang positibong pananaw ay nagdadala ng tagumpay.

Narito ang sinabi ni Mangingisda 3:

> *Dakol na bagyo na inagihan halos narangka ining harong ko, pakarangka kan harong ko puro naman may trabaho naman mga aki ko natabangan ako, pinagayon na ining harong ko.* [Bagamat maraming bagyo ang dumaan at halos masira ang aming bahay, natulungan naman ako ng aking mga anak nang magka-trabaho sila. Pinaganda nila ang aming tahanan.]

Ang buhay ng mga mangingisda ay palaging dumaraan sa mga pagsubok lalo na kung may mga sakuna. Ipinakita rito ang kahalagahan ng pagtutulungan ng pamilya upang makamit ang tagumpay. Nang magsimula ang mga anak na magkatrabaho, nakatulong sila sa pagpapaganda ng kanilang tahanan at natulungan ang kanilang mga magulang. Pinapakita ng kanyang kuwento na ang pamilya ay isang malaking lakas, at sa pagtutulungan, nalalampasan nila ang mga pagsubok at nagiging matagumpay. Narito ang sinabi ni Mangingisda 4: Iyo ini sa hirak nin Diyos, ini ang mga napundar kan pagdagat ko, nakapagibong harong. [Sa awa ng Diyos, nakapagpatayo ako ng bahay mula sa aking pangingisda.]

Ipinakita sa kuwento sa kabila ng mga hirap sa buhay, ang kanyang hindi matitinag na pagtitiyaga at pagtitiis sa malupit na karagatang pinagmumulan ng kanilang kabuhayan ay nagbigay daan upang makapagpatayo siya ng bahay. Hindi naging madali para sa kanya, ngunit pinili niyang magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok upang mabigyan ng maayos na tirahan ang kanyang pamilya. Ipinapakita ng kanyang kuwento na ang matibay na tahanan ay hindi lamang simbolo ng tagumpay kundi isang panangga sa mga pagsubok ng buhay, tulad ng bagyo. Ang mga kuwento ng apat (4) na mga mangingisda ay nagpapakita ng matinding sakripisyo, dedikasyon, at pagtutulungan na nagbigay daan upang makamit nila ang tagumpay sa buhay. Ang pagpapatayo ng bahay ay hindi lamang isang simbolo ng materyal na tagumpay, kundi ng kanilang matibay na pananampalataya at tiwala sa sarili, sa kanilang pamilya, at sa komunidad. Sa kabila ng mga pagsubok sa buhay, ipinakita ng bawat isa na sa tamang *mindset* o pananaw o pag-iisip, pagtitiyaga, at pagtutulungan ang tagumpay ay tiyak na makakamtan.

Ang implikasyon ng mga kuwento ito ay dahil sa pagpapatayo ng bahay ay makikita at mapapahalagahan ang isang malinaw na simbolo ng tagumpay at pag-angat ng kabuhayan ng mga mangingisda. Mula sa isang payak at payapang pamumuhay, nagkaroon sila ng kakayahang bumuo ng matibay, matatag at permanente na tirahan na magsisilbing panangga sa anumang sakuna ang dumating sa kanilang buhay. Ang kanilang bahay ay magsisilbing paalala ng kanilang pagsusumikap at pakikipagsapalaran sa karagatan. Ipinapakita nito na, sa tulong ng sipag, tiyaga, at tamang suporta kaya rin ng mga mangingisda na umasenso at pagandahin ang kanilang buhay. Ang bahay ay nagsisilbing simbolo ng sipag at tiyaga sapagkat hindi lamang ito simpleng tirahan kundi naipapakita din ang halaga at kakayahan ng mga mangingisda na makipagsabayan sa pag-angat sa buhay kundi bilang mga responsableng mamamayan. Ang sariling bahay ay nagsisilbing pundasyon ng isang matatag na pamilya. Para sa mga mangingisda, ito ay nagbibigay ng mas ligtas at komportableng kapaligiran para sa kanilang mga anak, na siyang magpapatuloy ng kanilang mga pangarap.

***Pagkakaroon ng Negosyo -*** Ang kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda ay hindi nagtatapos sa nakapagpatapos ng mga anak sa pag-aaral bilang tagumpay kundi nagpapakita rin ng mga praktikal na aral na nauugnay sa kahalagahan ng pagsusumikap, determinasyon, inobasyon, at ang pagkakaroon ng negosyo bilang susi sa pag-unlad. Ang mga mangingisda ay nagkaroon ng iba't-ibang negosyo katulad ng sari-sari store na patuloy na lumalago, *buy and sell* ng mga isda, hipon, alimango, at mga bangkang rentahan sa paglalaot.

Bilang patunay narito ang sinabi ni Mangingisda 1:

> *Sa madaling sabi ngani, igwa na ako ngonyan ki kinseng motor na pigalawodan na ako na mismo ang nagapalawod sa mga tawong pareho ko man na dati wara, ta pinangarap ko iyan na makatabang man sa tawo ta kaito kana ko wara, wara nagtatabang saku hinagad ko sa mahal na Diyos na magka-igwa ako ta itatabang ko sa wara ta ngani dai na sinda mag-agi sa sakuyang inagihan.* [Ngayon po, mayroon na akong 15 bangka na ginagamit sa paglalaot, at ako na po

mismo ang nagpapalaot sa mga tao, katulad ko noon na walang-wala. Pinangarap ko po na makatulong sa mga tao na wala ring kakayahan, kaya't hiling ko sa Mahal na Diyos na bigyan ako ng pagkakataon na magtagumpay at makatulong sa mga kapwa ko mangingisda].

Ipinakita ng mangingisda ang tunay na pagsusumikap at determinasyon. Nagsimula siya bilang isang simpleng mangingisda, ngunit sa kanyang patuloy na pagsusumikap, nagtagumpay siya sa pagpapaaral ng kanyang mga anak at ngayon ay may 15 bangka na. Ang kanyang negosyo ay lumago, at sa ngayon, tumutulong siya sa iba pang mga mangingisda, tulad ng ginawa niya noon. Ipinapakita ng kuwento na ang negosyo sa pangingisda kapag pinagsikapan at pinangalagaan ay maaaring magbunga ng tagumpay at magbigay ng pagkakataon sa iba.

Ang mangingisda ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagiging mapamaraan at inobatibo upang mapalago ang kaniyang negosyo. Bagamat siya ay isang mangingisda, nagsimula siyang magbuo ng *seabid* at naging ahente o tagabili ng isda upang magkaroon ng karagdagang kita. Ipinapakita sa kuwento na ang mga mangingisda ay hindi lamang dapat magtuon ng pansin sa isang hanapbuhay kundi maghanap din ng mga negosyo o oportunidad na makakapagpalago sa kanilang kabuhayan. Ang pangingisda ay hindi lamang isang hanapbuhay para sa kanila kundi isang tradisyon na itinutuloy upang magbigay sustento sa kaniyang pamilya. Ipinapakita sa kuwento na ang pagtutok sa negosyo ng pangingisda ay isang halimbawa ng dedikasyon at sakripisyo, at ang mga tradisyunal na hanapbuhay ay maaaring magtagumpay sa pamamagitan ng pagsusumikap at pagmamahal sa trabaho.

Narito ang sinabi ni mangingisda 2:

> *Kang kuwan na ako naka-isip na ki pagnuru-negosyo nagbakal-bakal na ako tapos pigapabakal ko man ngonyan buy and sell kaya kan nag-agom ako eu man gilayon ang negosyo ko.* [Naisip ko pong mag-negosyo, kaya bumili ako ng mga isda at ibinenta, o kung baga, nag-buy and sell ako. Nang mag-asawa ako, ganun pa rin po ang negosyo ko.]

Ipinapakita rito ang pagiging maparaan sa pagkakaroon ng negosyo maaari nilang mapabuti ang kanilang kabuhayan at kalagayan sa buhay. Ito ay isang halimbawa ng pagsusumikap upang maghanap ng mas magandang pagkakataon. Isa rin ito paalala na lahat ay nagsisimula sa maliit na kita hanggang sa lumago ang kaniyang negosyo na buy and sell ng mga isda, hipon, alimango at iba pa. Narito ang sinabi ni mangingisda 5: “Hanggang sa nagbakal-bakal na po ako, ako na so pigdadarahan dgd ki so hipon pasayan, naging buyer ako”. [Hanggang sa dumating ang panahon na ako na ang bumibili ng isda at hipon, at naging buyer na ako ng mga mangingisda.]

Ipinapakita rito ang inobasyon at malalim na pag-unawa sa merkado ay mahalaga sa pagpapalago ng negosyo. Hindi lang basta pagbebenta ng mga isda, kundi pati na rin ang pagiging malikhain sa negosyo upang makapagtagumpay.

Narito ang sinabi ni mangingisda 3:

> *Si misis dahil sa pursigido man na makatabang saku ah nagsumikap man siya na maka-adal man mag-negosyo nag fish vendor siya nakatabang siya saku. Namimili ng mga isda at hipon at mayroong tindahan (sari-sari store).* [Ang asawa ko po ay naging fish vendor din upang makatulong sa akin. Nagsikap siya at tinulungan ako sa paghahanap-buhay. Namimili ng mga isda at hipon at mayroong tindahan (sari-sari store).]

Sa ngalan ng negosyo ay nagpatuloy sa pagsusumikap at pagpapabuti ng kanilang hanapbuhay, lumago ang negosyo nila dahil sa pangingisda. Nagsimula silang mag-ipon at makabili ng mga gamit, at unti-unting dumami ang kanilang kita. Ito ay isang magandang halimbawa ng epekto ng pagtitiyaga at inobasyon. Ang kanilang negosyo ay patuloy na lumago at naging mas matatag, kaya't ngayon, hindi na sila umaasa sa iba at kaya na nilang sustentuhan ang kanilang pamilya.

Ang mga kuwento ay nagpapakita na ang pagkakaroon ng negosyo ay isang mahalagang bahagi ng tagumpay. Mula sa simpleng pangingisda, naghanap sila ng mga oportunidad na magpapaunlad sa kanilang kabuhayan, at sa pamamagitan ng pagsusumikap, inobasyon, at pagtutok sa negosyo, nahanap nila ang tagumpay. Ang bawat kuwento ay naglalarawan ng pag-unlad at pagpapabuti ng kanilang kalagayan, at ang kanilang mga negosyo ay nagsilbing pundasyon ng kanilang tagumpay.

Ang implikasyon nito ay mahihikayat ang mga bawat tao sa komunidad, pamilya, magulang, mag-aaral, guro, gobyerno, kapwa mangingisda at mambabasa na alamin ang mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda na may katuturan sa buhay ng bawat indibidwal lalo na sa mundo ng negosyo. Magkakaroon ng repleksyon na ang buhay ng mga mangingisda ay nabibilang sa pinakamahirap sa trabaho sa buong mundo sapagkat buhay nila ang nakataya sa pakikipaglaban sa panahon ng kalamidad at hamon ng kalikasan.

*5.2 Maipalawanag ang integrasyon ng mga nakalap at nasuring kuwento sa pagbuo ng banghay aralin.*

***Pagganyak -*** Ang integrasyon ng mga nasuring kuwento sa banghay aralin ay mahalaga upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral sa aralin at magkaroon sila ng ideya tungkol sa buhay ng mga mangingisda. Ang pagpili ng kuwento na may kaugnayan sa paksa ay nagpapalalim ng kanilang pag-unawa at koneksyon sa mga karanasan ng mga mangingisda na maipapakita ang tagumpay nito sa iba't-ibang aspeto ng buhay. Nagbibigay din ito ng emosyonal na dimensyon na nagpapadali sa kanilang aktibong pakikilahok sa talakayan. Sa pamamagitan ng gabay na tanong at masiglang interaksyon, nahihikayat ang kritikal na pag-iisip at mas malalim na pagsusuri ng mga mag-aaral. Sa kabuoan, ang paggamit ng mga kuwento ay isang mabisang estratehiya upang gawing mas makabuluhan at epektibo ang pagtuturo at pagkatuto ng bawat isa.

***Paglalahad -*** Ang integrasyon ng kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda sa paglalahad na bahagi ng banghay aralin ay nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng sipag at tiyaga sa buhay. Maipapakilala ang tunay na halaga at sakripisyo ng bawat magingisda sa araw-araw na pakikipagsapalaran sa karagatan. Sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng kanilang karanasan, nagiging mas malinaw ang koneksyon ng aralin sa totoong buhay at ekonomiya ng komunidad. Ang paggamit ng ganitong mga kuwento ay nagbibigay inspirasyon at nagsisilbing konkretong halimbawa ng pagsisikap upang makamit ang tagumpay. Bukod dito, nagbubukas ito ng mas malawak na diskusyon tungkol sa papel ng pangingisda sa kabuhayan ng bansa. Sa kabuuan, ang integrasyong ito ay nagiging daan upang gawing mas makabuluhan at epektibo ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

***Pagtatalakay -*** Ang integrasyon ng mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda sa pagtatalakay na bahagi ng banghay aralin ay nakakatulong sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin. Sa bahaging ito, magkakaroon ng mas malawak na kaalaman na maaaring maging kapaki-pakinabang sa kanilang landas na tatahakin sapagkat mababatid ang kahalagahan ng sipag, tiyaga, sakripisyo at pagmamahal sa pamilya at trabaho. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga karanasan, naipapakita ang kahalagahan ng sipag, tiyaga, at inobasyon sa pag-unlad ng kabuhayan. Ang paggamit ng ganitong mga kuwento ay nagsisilbing konkretong halimbawa na maaaring pagnilayan at iugnay sa mas malawak na diskusyon tungkol sa ekonomiya at lipunan. Bukod dito, nagbibigay ito ng inspirasyon sa mga mag-aaral upang maunawaan ang tunay na halaga ng determinasyon at pagsisikap sa anumang larangan ng buhay. Sa kabuuan, ang ganitong integrasyon ay isang mahalagang estratehiya upang gawing mas makabuluhan at epektibo ang pagtuturo.

***Pagtataya -*** Ang integrasyon ng mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda sa pagtataya na bahagi ng banghay aralin ay nakatutulong sa mas epektibong pagsusuri ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang kanilang repleksyon sa bawat kuwento ay patuloy na magiging gabay sa pagbibigay ng sapat na pag-unawa at pagpapahalaga sa buhay ng mga mangingisda. Sa pamamagitan ng mga tanong at gawain na batay sa nasuring kuwento, nasusukat kung paano nila naiuugnay ang konsepto ng sipag, tiyaga, at diskarte sa kanilang sariling kaalaman. Ang pagtataya gamit ang mga kuwento ay nagbibigay ng mas makahulugang repleksyon dahil hinahamon nito ang mga mag-aaral na suriin ang aralin sa konteksto ng totoong buhay. Bukod dito, pinapalakas

nito ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga desisyong ginawa ng mga mangingisda upang makamit ang tagumpay at pag-asa sa buhay. Sa kabuuan, ang ganitong paraan ng pagtataya ay nagpapalalim ng pagkatuto at nagbibigay-daan sa mas mayamang talakayan sa klase.

***Takdang Aralin -*** Ang integrasyon ng mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda sa takdang aralin ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon na lalong pagnilayan ang aralin sa mas malalim na paraan at magkaroon ng repleksyon sa tunay na pamumuhay ng mga mangingisda. Sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng pagsulat ng repleksyon, pagsusuri ng mga estratehiya ng mangingisda, o pag-uugnay ng kuwento sa kanilang sariling buhay, nagiging mas makahulugan ang pagkatuto. Bukod dito, hinihikayat nito ang mga mag-aaral na gamitin ang kanilang kritikal na pag-iisip upang masuri ang kahalagahan ng sipag, tiyaga, at inobasyon sa tagumpay. Sa kabuuan, ang ganitong paraan ng takdang aralin ay hindi lamang nagpapalalim ng pang-unawa kundi nag-uudyok din ng mas malawak na aplikasyon ng kaalaman sa tunay na buhay.

Ang implikasyon ng pagsasama ng mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda sa banghay aralin ay magbibigay inspirasyon sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga tunay na halimbawa ng pagsusumikap, tiyaga, at tagumpay. Nagbubukas ito ng mas malalim na pag-unawa sa buhay ng mga nasa kanayunan at sa mga sektor na madalas hindi napapansin. Nagsisilbi rin itong paraan upang mapalaganap ang pagpapahalaga sa kultura at tradisyon, habang pinayayaman ang karanasan sa pagkatuto sa mas makulay at interaktibong paraan. Higit sa lahat, itinuturo nito sa mga mag-aaral ang tunay na kahulugan ng tagumpay—na hindi nasusukat sa materyal na yaman, kundi sa pagsusumikap, pangarap, at malasakit sa pamilya at kapwa. Ang DepEd Memorandum No. 47, s. 2016 ay naglalayong itaguyod ang paggamit ng tahasang pagtuturo sa pagbuo ng banghay-aralin sa Filipino mula Baitang 1 hanggang 5. Ang layunin nito ay mapalaganap ang napapanahong kaalaman sa pagtuturo, malinang ang kasanayan sa pagbuo ng banghay-aralin, at mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto. Kalakip din dito ang isang balangkas ng banghay-aralin na maaaring gamitin ng mga guro.

*5.3 Lambat at Bangka: Kuwento ng Tagumpay*

Ipinapakita sa bahaging ito ang naging awtput ng pananaliksik na ito. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makalap ang mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda mula sa mga impormante ng pananaliksik. Mula rito, nabuo ang isang komiks na pinamagatang *"Lambat at Bangka: Kuwento ng Tagumpay".* Ang awtput na komiks ay nilikha upang magbigay-inspirasyon sa mga mambabasa, lalo na sa mga kabataan, at upang higit pang makilala ang mga mangingisda bilang tunay na mga bayani ng ating bansa. Nilalayon din nitong ipakita ang kahalagahan ng bawat mangingisda sa lipunan—na sila ay nararapat bigyang-pansin at ipagmalaki hindi lamang sa ating bansa kundi maging sa buong mundo.

Ang komiks ay naglalaman ng mga kuwentong nagbibigay ng aral, inspirasyon, at repleksyon sa buhay ng bawat indibidwal. Ipinapakita sa mga kuwentong ito na walang imposible sa taong may pangarap, pagsusumikap, pagtitiyaga, at pananampalataya sa Diyos—tiyak na magtatagumpay siya sa mga hangarin sa buhay, lalo na para sa pamilya at kinabukasan ng mga anak. Upang mas maging kaakit-akit at mas buhay ang mga kuwento, nilagyan din ito ng makukulay at buhay na karakter. Sa kabuoan, ang komiks ay isang inobatibong paraan ng pagpaparating ng mensahe ng tagumpay at pag-asa mula sa mga mangingisda—mga bayani sa bawat lambat at bangka.

***Rasyonal -*** Ang *“Lambat at Bangka: Kuwento ng Tagumpay”* ay isang komiks na naglalaman ng mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda, na naglalayong hikayatin ang mas malawak na pagtangkilik sa panitikan sa bayan ng Pilar, Sorsogon. Nakapaloob sa komiks ang mga kuwento ng tagumpay na puno ng pangarap, pag-asa, pananampalataya, pagtutulungan, at pagmamahal sa pamilya. Tampok dito ang mga naging impormante mula sa iba’t ibang barangay ng nasabing bayan ng Pilar. Pinili ang mga kuwento ng tagumpay bilang ambag sa pagpapayabong ng panitikan sa bayan ng Pilar. Nilikom ang mga kuwento upang maiparating sa lahat ang buhay ng mga mangingisda, na punung-puno ng hindi matatawarang paghihirap at sakripisyo sa malawak at mapanganib na karagatan. Ang mga bagong kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda sa bayan ng

Pilar ay nagkaroon ng koneksyon at impluwensya sa kultura at henerasyon ng panitikan, na umuusbong sa bawat bayan. Ipinamalas nito ang pagpapahalaga sa pagpapayabong ng panitikan at binuksan ang kaisipan at diwa ng mga mambabasa. Upang ipagpatuloy ang pagpapahalaga at pagyakap sa panitikan, ang mga kuwento ng mga mangingisda ay ipapalaganap nang malugod, upang magdulot ng magandang epekto sa mga tao, komunidad, kultura, at sa buong bayan. Ayon sa Artikulo XIV, Seksyon 15 ng Saligang Batas ng Pilipinas 1987[51], itinataguyod ng estado ang mga sining at panitikan ng bansa, kabilang na ang mga pamanang historikal, kultural, mga likha, at kayamanang artistiko. Itinatadhana rin sa Seksyon 16 ng parehong artikulo na ang lahat ng kayamanang artistiko at historikal ng bansa, na bumubuo sa kabuuang kayamanang kultural, ay nararapat pangalagaan at protektahan ng estado, na may kapangyarihang magregula sa disposisyon ng mga ito.

## 6. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan, ang mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda ay patunay ng kanilang matibay na determinasyon, sakripisyo, at pananampalataya. Sa kabila ng mga hamon, nakamit nila ang tagumpay dahil ang mga mangingisda ay nakapatapos ng mga anak sa pag-aaral sa kolehiyo, naging propesyonal at na ngayon ay may mga trabaho na at kasalukuyang nagpapa-aral pa sa iba pang mga anak, nagkaroon ng sariling negosyo at nakapagpatayo ng sariling bahay. Ang mga kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda ay maipalawanag ang integrasyon ng mga nakalap at nasuring kuwento sa pagbuo ng banghay aralin upang mas lalong makilala ng mga mag-aaral ang mga mangingisda na tunay na may pagsusumikap, pagtitiyaga at pagmamahal sa trabaho, edukasyon at pamilya. Ang komiks batay sa mga kuwento ng tagumpay na nabuo ay magbibigay-inspirasyon—na ang tunay na tagumpay ay nasusukat sa katatagan ng loob, halaga ng pamilya, at pag-asa sa gitna ng pagsubok. Iinirerekomenda na itaguyod ang pagkilala at pagpapahalaga sa mga mangingisda bilang bayani ng komunidad gamit ang edukasyon at media upang mapataas ang kamalayan ng publiko, lalo na ng kabataan. Gamitin ang nabuong komiks bilang kagamitang pampagtuturo sa mga asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao, Filipino at Araling Panlipunan upang maipakilala ang kuwento ng tagumpay ng mga mangingisda. Hikayatin ang komunidad na palaganapin ang mga kuwentong ito bilang panitikang bayan, partikular sa Pilar, upang mapanatili at maipasa ang mga aral at inspirasyon sa susunod na henerasyon. Magsagawa ng karagdagang pag-aaral na kaugnay ng pananaliksik na ito bilang gabay para sa mga susunod na mananaliksik.

## 7. Talasanggunian


Abella (2014). Kahalagahan ng Pagbabasa ng Komiks sa mga Kabataan ng Makabagong Henerasyon: Isang Pagsusuri. Kahalagahan NG Komiks | PDF

Antonio (2021). Mga Hamong kinakaharap sa pagsulat ng banghay aralin ng mga mag-aaral, Joenard L. Tuastomban, Nica R. Amado, John Mark M. Borata, Diane Mariel J. Llanos

Aquino (1992). Buenaobra, Mia. L., Estera, John Emil D. (2025) Tuklas-Kuwento ng Purog Cave at Liyang Cave: Potensyal na Atraksiyon sa casiguran, Sorsogon. Sorsogon State University Graduate School. DOI: 10.5861/ijrse.2025.25082

Artikulo XIV, Seksyon 15 ng Saligang Batas ng Pilipinas 1987. Artikulo 14, Seksyon 15 ng Saligang Batas 1987.

Bagsit, F. U., Frimpong, E., Asch, R. G., & Monteclaro, H. M. (2021). Effect of a seasonal fishery closure on sardine and mackerel catch in the Visayan Sea, Philippines. *Frontiers in Marine Science*, *8*, 640772.

Avraamidou at Osborne (2009). Kahalagahan NG Komik.

Barclay, 2013). Arifin, A., Anriani, H. B., Arsat, M., & Salam, S. (2020). In Pursuit Of Prosperity: A Case Study Of Fisherman Communities In South Sulawesi, Indonesia. *Journal Of Critical Reviews*, *7*(16), 1968-1976.

Batas Pambansa Blg. 232 o ang Batas sa Edukasyon ng 1982. Batas Pambansa Blg. 232: Education Act of 1982 | Situation of Children Philippines

Cabalar at Santos, (2011). Arifin, A., Anriani, H. B., Arsat, M., & Salam, S. (2020). In Pursuit Of Prosperity: A Case Study Of Fisherman Communities In South Sulawesi, Indonesia. Journal Of Critical

Reviews, 7(16), 1968-1976.

Caufield, (2019). Caulfield, J. (2019) How to Do Thematic Analysis. https://www.scribbr.com/methodology/thematic-analysis/

Davidhizar at Lonser (2003). Bauca, A. L. (2024) *Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol*. Sorsogon State University. Graduate School

DepEd Memorandum No. 47, s. 2016. DO 47, s. 2016 – Omnibus Policy on Kindergarten Education | Department of Education

Eriksson, 2019. Arifin, A., Anriani, H. B., Arsat, M., & Salam, S. (2020). In Pursuit Of Prosperity: A Case Study Of Fisherman Communities In South Sulawesi, Indonesia. Journal Of Critical Reviews, 7(16), 1968-1976.

FAO (2015). Traditional Fishing Community and Sustainable Development. Traditional Fishing Community and Sustainable Development | SpringerLink

Fortes, Emily Fullon. E (2018), Makasaysayang Kuwento ng Bawat Bayan ng Sorsogon: Ambag sa Panitikan. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.

Friend (2008). Readers' experiences of fiction and nonfiction influencing critical thinking - Helena Hollis, 2023

Gatchalian 2020. Kuwentong-tagumpay ng mga nagsitapos ng MAED Filipino. Granadil, Archie & Marbella, Felisa D. DOI: 10.5861/ijrse.2025.25050

Gérard Genette (1980). Shadows of interstitial life: essays on African literature in honour of rev. fr. professor amechi n. akwanya.

Grainger (2004). Kahalagahan ng Pagbabasa ng Komiks sa mga Kabataan ng Makabagong Henerasyon: Isang Pagsusuri.

IPCC, 2014). Macusi, E. D., Camaso, K. L., Barboza, A., & Macusi, E. S. (2021). Perceived vulnerability and climate change impacts on small-scale fisheries in Davao gulf, Philippines. *Frontiers in Marine Science*, *8*, 597385.

Jones, 2018). mga hamong kinakaharap sa pagsulat ng banghay aralin ng mga magaaral, Joenard L. Tuastomban, Nica R. Amado, John Mark M. Borata, Diane Mariel J. Llanos·

Klaus Krippendorff (2022). Klaus Krippendorff, Ph.D., Pioneer of Content Analysis and Cybernetics, Dies at 90 | Annenberg

Komisyon sa Wikang Filipino, Diksiyonaryong Filipino. (2021). 2/P Gusaling Legal Bases of the Philippine Educational System – TeacherPH, KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino

Larzibal (2001), Ang Tatlong Maikling Kuwento Ni Efren Abueg: Layunin At Kaugnayan Nito Sa Lipunan. Pananaliksik Tungkol Sa Tatlong Maikling Kwento Ni Efren Abueg 1 |

Lumbera (2005). Kahalagahan ng Pagbabasa ng Komiks sa mga Kabataan ng Makabagong Henerasyon: Isang Pagsusuri.

Marino, 2019). Mga Hamong Kinakaharap sa pagsulat ng banghay aralin ng mga mag-aaral, Joenard L. Tuastomban, Nica R. Amado, John Mark M. Borata, Diane Mariel J. Llanos

Matienzo (1980). Kahalagahan ng Pagbabasa ng Komiks sa mga Kabataan ng Makabagong Henerasyon: Isang Pagsusuri. Kahalagahan NG Komiks

McGoodwin (2001). Traditional Fishing Community and Sustainable Development. SpringerLink.

Memorandum Order No. 59, Series of 1996, RA 10533 (K+12). Republic Act No. 10533 | Official Gazette of the Republic of the Philippines.

Moscardo (2018). Bauca, A. L. (2024) *Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol*. Sorsogon State University. Graduate School

Park (2001). Bauca, A. L. (2024) Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol. Sorsogon State University. Graduate School

Patil (2013). Bauca, A. L. (2024) *Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol*. Sorsogon State University. Graduate School

Petersen, 2007). Arifin, A., Anriani, H. B., Arsat, M., & Salam, S. (2020). In Pursuit Of Prosperity: A Case Study Of Fisherman Communities In South Sulawesi, Indonesia. *Journal Of Critical Reviews*, *7*(16), 1968-1976.

Philippine Fisheries Profile, 2016). Quiñones, M. B., Jimenez, C. R., Rosa, H. K. T. D., Paghasian, M. C., Samson, J. J., Molina, D. L., & Garcia, J. P. (2020). Socio-Economic Condition Among the Fisherfolks in Iligan Bay, Northern Mindanao, Philippines. *Journal of Environment and Aquatic Resources*, *5*, 43-60.

Ramos (2009). 1. Kahulugan at depinisyon ng panitikan.pptx - mhikasa elaine c. fiesta instructor kahulugan at depinisyon ng panitikan Ano ang panitikan? | Course Hero

Ramos et al., (1984). 1. Kahulugan at Depinisyon ng Panitikan.pptx - mhikasa elaine c. fiesta instructor kahulugan at depinisyon ng panitikan ano ang panitikan? | course hero.

Republic Act No. 10066 (National Heritage Act of 2009). An Act Providing For The Protection And Conservation Of The National Cultural Heritage, Strengthening The National Commission For Culture And The Arts (Ncca) And Its Affiliated Cultural Agencies, And For Other Purposes. Republic Act No. 10066

Republic Act No. 10931, na kilala bilang Universal Access to Quality Tertiary Education Act. Republic Act No. 10931

Republic Act No. 7160 (*Local Government Code of 1991*). An Act Providing for A Local Government Code Of 1991. R.A. 7160

Salvador & Lamarka, 2017). Assessment of Marine Resources Caught by Fishermen in Selected Coastal Barangays of Cawayan, Masbate, Philippines. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(8), 2785-2701

Sawyer (2000). Bauca, A. L. (2024) *Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol*. Sorsogon State University. Graduate School

Shiraz (2010). Ang Tatlong Maikling Kuwento Ni Efren Abueg: Layunin At Kaugnayan Nito Sa Lipunan.

Si (2016). Bauca, A. L. (2024) Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol. Sorsogon State University. Graduate School.

Sofiyah, (2021). Mga hamong kinakaharap sa pagsulat ng banghay aralin ng mga mag-aaral, Joenard L. Tuastomban, Nica R. Amado, John Mark M. Borata, Diane Mariel J. Llanos.

Suh, D., & Pomeroy, R. (2020). Projected economic impact of climate change on marine capture fisheries in the Philippines. *Frontiers in Marine Science*, *7*, 232.

Tambak & Guihawan, 2022). Assessment of Marine Resources Caught by Fishermen in Selected Coastal Barangays of Cawayan, Masbate, Philippines. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(8), 2785-2701.

Turgo (2020). Traditional Fishing Community and Sustainable Development. Springer

Villegas (2009). Kahalagahan ng Pagbabasa ng Komiks sa mga Kabataan ng Makabagong Henerasyon: Isang Pagsusuri.

Zhu at Doo (2022). The impact of a personality trait rooted in Chinese Confucian culture—Junzi personality—on loneliness and subjective well-being among Chinese individuals: the mediating role of self-reflection and self-control. DOI: 10.1186/s40359-025-02488-4